DepEd Advisory No. 03, s. 2017
January 4, 2017
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PARA SA BAYAN AT LASALYANO *WORKSHOP* NG ANG PAHAYAGANG PLARIDEL NG PAMANTASANG DE LA SALLE

Ang Pahayagang Plaridel (APP) ng Pamantasang De La Salle (DLSU) ay maglulunsad ng isang *workshop* na may titulong *Para Sa Bayan at Lasalyano (BayLayn)* na may temang *Pagpapaigting sa Papel ng mga Student Journalist Tungo sa Mas Makabuluhang Pamamahayag* na isasagawa sa ika-18 ng Pebrero, 2017 sa DLSU, Manila.

Ang *Workshop* ay naglalayong payabungin ang kakayahan ng mga mag-aaral ng Journalism, at pagbutihin ang pagiging kritikal ng mga kalahok upang mas maging epektibong myembro ng lipunan. Ito ay may pitong *workshop* at kompetisyong aangkop sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga estudyante tungkol sa midya:

1. Pagsulat ng Balita;
2. Pagsulat ng Balitang Pampalakasan;
3. Pagsulat ng Lathalain;
4. Pagsulat ng Editoryal;
5. Pagguhit ng Editoryal Kartun;
6. Pagkuha ng Larawan; at
7. Pagwawasto at Pag-uulo ng Balita.

Ang mga estudyante mula sa pampubliko at pampribadong paaralan sa sekundarya ay inaanyayahang lumahok sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

Tyrone Jasper Piad
Punong Patnugot
OIC, Ang Pahayagang Plaridel
Pamantang De La Salle (DLSU)
2401 Taft Avenue, Manila 1004
Telepono: (02) 524-4611 lokal 738
Mobile: 0977-690-0039
Email: tyrone_piad@dlsu.edu.ph